Maikling Pagtatalakay sa Mga Hakbang sa Pagsuporta sa Edukasyon para sa Mga Mag-aaral na Hindi Nagsasalita ng Chinese (Non-Chinese Speaking o NCS)

Brief on Education Support Measures for Non-Chinese Speaking (NCS) Students

Bersyong Tagalog
Tagalog Version

Mga Nakatalagang Paaralan

- Inaanyayahan ng Kawanihan ng Edukasyon (Education Bureau O EDB) ang mga paaralan na may malaking bilang ng mga mag-aaral na NCS upang maging mga "nakatalagang paaralan" na bibigyan ng nakatuong suporta upang mapahusay ang pag-aaral at pagtuturo ng mga mag-aaral na NCS.

- Ang layunin ng pagtuon ng suporta sa mga "nakatalagang paaralan" ay upang matulungan ang paglikom ng karanasan at mapaglawig ang kadalubhasaan sa pag-aaral at pagtuturo ng mga mag-aaral na NCS, ng sa ganun ay magsilbing pamantayan ito sa pagsisimula ng pagbabahagi ng karanasan sa iba pang mga paaralan na tumatanggap din ng mga mag-aaral na NCS sa pamamagitan ng binuong sistema ng suporta upang makinabang ang lahat ng mga mag-aaral na NCS sa kasunduan.

- Upang palawigin ang aming suporta, aming dinagdagan ang bilang ng mga "nakatalagang paaralan" mula sa bilang na 15 sa pampaaralang taon 2006/07 paunti-unti hanggang sa bilang na 26 sa pampaaralang taon 2009/10 at amin ding nilalayon na lalo pang dagdagan ang bilang sa 28 sa taong 2010/11. Ang listahan ng mga "nakatalagang paaralan" ay nasa Appendix. Bukod dito, muli naming ibinalik ang taunang espesyal na gawad na $300,000 para sa mga "nakatalagang paaralan", upang matulungan ang mga paaralang ito na magsagawa ng mga hakbang na nakabase sa paaralan, at taasan ang nakatalagang gawad sa $600,000 depende sa bilang ng mga mag-aaral na NCS sa kani-kaniyang "nakatalagang paaralan".

Karagdagang Gabay sa Curriculum na Wikang Chinese para sa mga mag-aaral na NCS

- Kami ay magbibigay ng karagdagang suporta sa mga guro ng Wikang Tsino sa paraan ng karagdagang gabay. Ang gabay na ito ay tumutulong sa mga prinsipyo, diskarte at rekomendasyon para sa pagpapatupad ng Kurikulum ng Wikang Tsino alinsunod sa mga kaalaman ng mga mag-aaral na NCS. Ang gabay na ito ay ipinamahagi sa mga paaralan na mayroong makatuturang sangkap ng mga materyales sa pagtuturo noong Disyembre 2008. Ang unang lupon ng mga

materyales sa pagtuturo, na sumasaklaw sa parehong antas ng primarya at sekondarya ay inilagay sa website ng EDB noong Hunyo 2009, na meron ding imprentang kopyang aklat na ipinamahagi sa mga paaralan at mga mag-aaral na NCS noong Setyembre 2009. Ang pinal na lupon ng mga materyales na ito ay inaasahang makukumpleto sa taong 2010.

Mga Programa sa Pag-aaral para sa mga Guro ng Wikang Chinese sa Mga Paaralang Primarya

- Inatasan namin ang Hong Kong Polytechnic University upang magsagawa ng 5 programa sa para sa mga guro ng Wikang Tsino sa mga paaralang primarya na may mga mag-aaral na NCS mula taong 2006/07. Ang lahat ng mga guro, nagmula man sa "nakatalagang paaralan" o hindi, na nagtuturo ng wikang Chinese sa mga mag-aaral na NCS, ay maaaring lumahok sa programa sa pagpapalawak ng kaugnay na propesyon.

Ang Chinese Language Learning Support Centre

- Ang Chinese Language Learning Support Centre (Centre) na itinalaga sa University of Hongkong, ay nagbibigay ng mga pangremedyong programa na ginaganap pagkatapos ng klase o tuwing walang pasok o pista opisyal para sa mga mag-aaral na NCS, partikular sa mga nahuling nagsimulang mag-aral ng Wikang Tsino. Nadagdagan ang bilang ng mga nakatalagang lugar para sa Centre mula 8 sa pampaaralang taon 2008/09 hanggang 10 sa taong 2009/10. Tumutulong din ang Centre sa paglago ng kaugnay na mapagkukunan sa pagtuturo at magbibigay ng suporta sa mga guro ng mga mag-aaral na NCS sa pamamagitan ng pagbuo ng mga workshop para sa propesyonal na paglago.

Summer Bridging Programme

- Simula noong bakasyon ng 2007, ang 4-linggong Summer Bridging Programme na naunang nakatalaga sa mga papasok na NCS Primary 1 ay napalawig upang saklawan din ang mga mag-aaral na NCS na tungo sa Primary 2, Primary 3 at Primary 4 upang matulungan silang mapagsama-sama ang kanilang natutunan sa Key Learning Stage 1 at upang maihanda sila sa paglipat sa Key Learning Stage 2.

Mga hakbang upang matugunan ang mga inaasahan ng mga mag-aaral na NCS para sa mas mataas na antas ng pag-aaral

- Pinangunahan namin ang General Certificate of Secondary Education (GCSE) (Chinese) Examination sa Hong Kong mula pa 2007 para sa mga mag-aaral na

nais makakuha ng kahaliling (mga) hinihingi sa Wikang Tsino sa pamamagitan ng Hong Kong Examinations and Assessment Authority (HKEAA).

- Bilang isang pabuya upang himukin ang mga NCS na mag-aaral upang matuto ng Wikang Tsino, simula 2010, ang EDB ay gumawa ng kasunduan sa HKEAA upang pondohan ang bayad sa GCSE (Chinese) Examination ng mga karapat dapat na kandidatong paaralan sa antas na may pagkakapantay sa Hong Kong Certificate of Education Examination (Chinese) o ang Hong Kong Diploma of Secondary Education (Chinese).

- Pagkatapos ng isang pagsubok noong 2008, simula sa taong 2009, ang mga paaralan ay hinihiling na isaalang-alang ang mga karapat-dapat na S5 na mag-aaral na may hawak na alternatibong kwalipikasyon ng Wikang Chinese at mag-alok ng walang kundisyon sa mga mag-aaral na ito sa bawat kabanata ng S6 Admission Procedure habang hinihintay ang mga resulta ng kaugnay na pagsusuri sa katapusan Agosto kada taon sa kundisyon na tutugunan ng mga mag-aaral ang mga isinaad na tuntunin, at nagampanan nito ang lahat ng mga kinakailangan sa pagpasok na may pantay na puntos kumpara sa kanilang mga kapilas.

- Mula 2008, ang University Grants Committee-funded institutions, ay nagbibigay ng kaluwagan sa pagtanggap sa alternatibong (mga) kinakailangan para sa Wikang Tsino kabilang ang GCSE (Chinese) para sa aplikasyon sa ilalim ng Joint University Programmes Admissions System. Ito ay isang malaking hakbang upang matugunan ang hangarin para sa mas mataas na antas ng pag-aaral sa mga mag-aaral na NCS sa mga lokal na paaralan at nakahandang matuto ng wikang Tsino.

Impormasyon para sa Mga Magulang ng NCS

- Upang matulungan ang mga magulang ng NCS tungkol sa sistema ng local na edukasyon (i.e. ang Non-Chinese Speaking Parent Information Package), ang mga aplikasyon para sa Primary 1 at Secondary 1 ay inilagay sa ilalim ng mga makatuturang sistema ng pagtatalaga ng mga paaralan, mga paraan ng suporta para sa mga mag-aaral na NCS, ang buod ng Supplementary Guide sa Chinese Curriculum para sa NCS na mag aaral at ang Fine-tuning of Medium of Instruction ay isinalin sa wika ng major ethnic minority para sa kanilang madaliang sanggunian.

- Ang magkasabay na pagsasalin sa ibang wika ay ibinibigay tuwing may talakayan kung kinakailangan.

- Isang dedicated website (http://www.edb.gov.hk/ncs) ang inilaan para sa mga magulang ng NCS upang maunawaan ang aming mga serbisyo para sa kanila.

Kawanihan ng Edukasyon
Hulyo 2010

Appendix

Listahan ng Mga Itinalagang Paaralan sa Taong Pampaaralang 2010/11

Region	District		Level	School Name
Hong Kong	1.	Wan Chai	Primary School	Sir Ellis Kadoorie (Sookunpo) Primary School
	2.	Wan Chai		Li Sing Tai Hang School
	3.	Wan Chai		Po Kok Primary School
	4.	Central & Western		Chiu Sheung School Hong Kong
	5.	Hong Kong East	Secondary School	Islamic Kasim Tuet Memorial College
	6.	Central & Western		St Margaret's Girls' College, Hong Kong
Kowloon	7.	Kwun Tong	Primary School	Hong Kong Taoist Association School
	8.	Kwun Tong		Man Kiu Association Primary School
	9.	Wong Tai Sin		Islamic Dharwood Pau Memorial Primary School
	10.	Yau Tsim & Mong Kok		Yaumati Kaifong Association School
	11.	Yau Tsim & Mong Kok		Jordon Road Government Primary School
	12.	Sham Shui Po		Li Cheng Uk Government Primary School
	13.	Kwun Tong	Secondary School	Delia Memorial School (Hip Wo)
	14.	Sham Shui Po		Delia Memorial School (Broadway)
	15.	Yau Tsim & Mong Kok		Sir Ellis Kadoorie Secondary School (West Kowloon)
New Territories	16.	Kwai Chung & Tsing Yi	Primary School	C.N.E.C. Ta Tung School
	17.	Kwai Chung & Tsing Yi		Tsing Yi Trade Association Primary School
	18.	Tuen Mun		Islamic Primary School
	19.	Yuen Long		Pat Heung Central Primary School
	20.	Yuen Long		Yuen Long Long Ping Estate Tung Koon Primary School
	21.	Islands		Po On Commercial Association Wan Ho Kan Primary School
	22.	Islands		Bui O Public School
	23.	Islands		Northern Lamma School *
	24.	Sai Kung		Sai Kung Central Lee Siu Yam Memorial School *
	25.	Tuen Mun	Secondary School	Caritas Tuen Mun Marden Foundation Secondary School
	26.	Yuen Long		Pak Kau College
	27.	Yuen Long		Bethel High School
	28.	Islands		Buddhist Fat Ho Memorial College

* Mga bagong saling paaralang sa taong pampaaralang 2010/11